ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KASANAYANG PANGKOMUNIKATIBO SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG MGA MAG-AARAL NG KAPALONG COLLEGE OF AGRICULTURE, SCIENCES AND TECHNOLOGY

**Margie A. Tinay[1], Linagyn A. Gementiza-Cubio, LPT[2]**
*[1]Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
*[2]Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19835**
**DOI No: 10.36713/epra19835**

## ABSTRAK
*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy at alamin ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa non-BSEd Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Kabilang din ang pagkilala sa kabuluhang ugnayan ng dalawang baryabol. Sa pagpapatibay at pagsakatuparan ng pag-aaral, ito ay ginamitan ng kwantitatibong disenyo sa korelasyunal na pamamaraan. Ang mga respondente ay kinapapalooban ng 102 na mag-aaral na sa non-BSEd Filipino. Base sa naging resulta, natuklasan na ang kasanayang pangkomunikatibo ay madalas naipapakita ng mga mag-aaral. Dagdag pa, natuklasan din na ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral ay madalas din na naipapakita. Sa gayong dahilan, napatunayan na ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang pakikipag-ugnayan bilang mga mag-aaral.*

**MGA SUSING SALITA:** *kasanayang pangkomunikatibo, korelasyunal, mag-aaral, pakikipag-ugnayan, Philippines*

## INTRODUKSYON
Ang interaksiyon sa pag-aaral ay ang pakikilahok ng mag-aaral sa kanilang mga kurso at lahat ng iba pang bahagi ng kanilang programang pang-edukasyon. Sinasalamin nito ang ugnayan at kolaborasyon ng isang mag-aaral sa mga guro at mga kamag-aral. Ito ay isang mahalagang kadahilanan na nag-aambag sa akademikong tagumpay. Kapag ang mga mag-aaral ay aktibong lumalahok sa pag-aaral, nagiging mas interesado sila sa proseso ng pag-aaral, na nagdudulot sa pagtaas ng pagkuha ng kaalaman at pagpapanatili (Appleton et al., 2020).

Sa bansang India, nakitaan ng mababang antas ng antas ng interaksiyon ng mga mag-aaral sa mga akademikong aktibidad dahil sa kawalan ng motibasyon at interes, at sa natamong diskriminasyon sa klase. Kabilang na rito ang kasarian, pagkakaiba ng kultura at lenggwahe, tono ng boses, at diskriminasyon kung paano sila magsalita at magbahagi ng kanilang ideya gamit ang wikang Ingles. Napatunayan din na may diskriminasyon sa hanay ng mga matatalino at may mababang kaalaman ng mga estudyante sa isang asignatura na nagdulot ng pagkakaroon ng hindi pantay na pagkakataon sa pakikilahok sa isang diskusyon. Ito ay naging sanhi ng kawalan ng kompyansa sa sarili sa pagbabahagi ng ideya sa harap ng kanilang kamag-aral at guro, at maging makilahok sa mga gawain sa klase (Sonu & Anand, 2020).

Sa Pilipinas, partikular na sa Davao del Sur, ay naging problema rin ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng mababang antas ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng kanilang guro at kapwa mag-aaral gamit ang wikang Filipino. Ang pakikilahok o pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa klase ay sinasabing naaapektuhan ng kanilang kakayahan na ipahayag ang kanilang mga ideya. Sinasabing, mahigit 90% ng mga estudyante sa sekundarya ang nagsasabing hindi sila komportableng magpahayag ng kanilang ideya sa harap ng klase o maghayag ng katanungang nagpabagabag sa kanilang isipan gamit ang wikang pambansa. Karamihan sa kanila ay mas komportable sa paggamit ng wikang Ingles sa pakikipag-ugnayan sapagkat mas madaling magsalita ng wikang ito kaysa Filipino. Dahil dito, naging suliranin sa loob ng mga klase na karaniwang hinaharap ng mga guro ay ang kawalan ng kakayahan ng mga mag-aaral na iparating ang kanilang mga opinyon at pananaw. Kaya ito ay nagbubunga ng kanilang pagkawalang-interes sa paksa (Palmero, 2019).

Ang mga hamong hinaharap ng mga mag-aaral ay nararapat na mabigyang-pansin sa pamamagitan ng pananaliksik upang mabigyan ng solusyon, Ang pagsisiyasat na ito ay mahalaga at makabuluhan upang matukoy ang mga *factor* na nakakaapekto sa interaksyon ng mga mag-aaral upang magbibigay-daan sa pagtukoy ng mga solusyon sa mga hamong kinakaharap nito. Dagdag pa, ang pag-aaral na ito ay may higit na kahalagahan dahil ito ay magiging batayan sa pag-unawa sa implupwensya ng kakayahang pangkomunikatibo sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Ito ay magiging sanggunian para sa paaralan sa pagtanggap ng sapat na suporta para sa buong komunidad ng edukasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Layunin ng Pananaliksik**
Sa pag-aaral na ito, susuriin kung ang kasanayang pangkomunikatibo ay may ugnayan ba sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa *non-BSEd Filipino*. Sa karagdagan, nilalayon ng pananaliksik na ito na mabigyang kasagutan ang sumusunod na katanungan:

1. Malaman ang antas ng kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral sa *non-BSEd Filipino* batay sa:
    1.1 linggwistiko;
    1.2 sosyolingwistiko;
    1.3 diskorsal; at
    1.4 pragmatik at istratedyik.
2. Matiyak ang antas ng pakikipag-ugnayan ng mag-aaral sa Filipino ayon sa:
    2.1 pag-uugali;
    2.2 kognitib; at
    2.3 emosyonal.
3. Mayroon bang makabuluhang-ugnayan sa pagitan ng kakayahang pangkomunikatibo at pakikipag-ugnayan ng mag-aaral?

**Haypotesis**
Sa pag-aaral, ang haypotesis ay sinuri gamit ang 0.5 na antas ng kabuluhan. Walang makabuluhang koneksyon sa pagitan ng saloobin patungkol sa kasanayang komunikatibo at ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**
Ang disenyo ng ang pagsusuri na ito ay nagpapakita quantitative *design* na may pamamaraang korelasyonal, Kung saan iniimbestigahan ng mananaliksik ang relasyon ng dalawang baryabol. Gumamit ang mananaliksik ng mga adaptadong questionnaire bilang kasangkapan sa pangangalap ng mga mahalagang datos para sa pagsusuriLayunin ng pag-aaral na tuklasin ang ugnayan ng kasanayang pangkomunikatibo at pakikipag-ugnayan.

Ang *non-experimental quantitative design* ay ginagamit sa mga pag-aaral kung saan hindi kontrolado o nababago ng mananaliksik ang mga baryabol o paksa. Sa halip, umaasa ang mananaliksik sa mga interpretasyon, pagmamasid, o interaksyon upang makapagbigay ng konklusyon. Karaniwan, ang ganitong disenyo ng pananaliksik ay nakabase sa pagsusuri ng mga ugnayan, sarbey, o case studies, at hindi ito makakapagpatunay ng tunay na ugnayan ng sanhi at epekto. Ang layunin ng ganitong disenyo ay makakuha ng mga obserbasyon at impormasyon nang hindi direktang binabago ang mga kondisyon o variables ng pag-aaral (Bushman, 2018). Ang korelasyonal na pananaliksik ay siyang ginamit na pamamaraan sa pananaliksik na ito upang maipakita ang isang hinuhang relasyon ng dalawang baryabol na kasangkot na mahalaga sa pag-aaral na ito (Creswell, 2014).

**Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik**
Ang pananaliksik ay isinagawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST), pampublikong kolehiyo na matatagpuan sa Davao del Norte. Ang mga partisipante ng pananaliksik ay ang mga estudyante sa ikalawang taon ng Batsilyer ng Elementaryang Edukasyon-Generalist at ikaapat na taon ng BSC ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.

**Instrumento ng Pananaliksik**
May dalawang ginamit na instrumento para sa pananaliksik na ito. Una ay ang *adapted questionnaire* mula sa pananaliksik nina Canale at Swain (1983) sa malayang baryabol na kakayahang komunikatibo upang sukatin ang antas ng baryabol na ito. Pangalawa ay ang talatanungan ng di-malayang baryabol na pakikipag-ugnayan upang malaman ang antas Pakikipag-uganayan ng mga mag-aaral ng KCAST na isa ring *adapted questionnaire* mula sa pag-aaral ni (Fredericks, et al., 2004).

Ang Likert Scale ang ginagamit panukat upang malaman ang ugnayan ng Kasanayang pangkomunikatibo sa interaksiyon ng mga mag-aaral, kinakailangan ang pagsusulat ng marka sa kahon bilang sagot sa mga bilang ng pag-uugali, bagay, at mga stimulasyon.

Sa pag-interpreta sa lebel ng kasanayang pangkomunikatibo, ang sumusunod na panukata nag ginamit:

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30 - 5.00 | Pinakamataas | Ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay laging naipapakita. |
| 3.50 - 4.20 | Mataas | Ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay madalas naipapakita. |
| 2.70 - 3.40 | Katamtaman | Ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay minsan lang naipapakita. |
| 1.90 - 2.60 | Mababa | Ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay bihirang naipapakita. |
| 1.0 - 1.80 | Pinakababa | Ang antas ng kasanayang pangkomunikatibo ay hindi malimit na naipapakita. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa kabilang banda, para sa pag-interpreta sa lebel ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral, ang mga sumusunod na panukat ang ginamit:

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30 - 5.00 | Pinakamataas | Ang antas ng pakikipag-ugnayan ay laging naipapakita. |
| 3.50 - 4.20 | Mataas | Ang antas ng pakikipag-ugnayan ay madalas naipapakita. |
| 2.70 - 3.40 | Katamtaman | Ang antas ng pakikipag-ugnayan ay minsan lang naipapakita |
| 1.90 - 2.60 | Mababa | Ang antas ng pakikipag-ugnayan ay bihirang naipapakita. |
| 1.0 - 1.80 | Pinakababa | Ang antas ng pakikipag-ugnayan ay hindi malimit naipapakita. |

**Pagkolekta ng Datos**
Sa pagkokolekta ng datos, ang mananaliksik ay gagawin ang sumusunod na mga hakbang:
**Paghingi ng pahintulot na magsagawa ng pag-aaral.** Ang mananaliksik ay gumawa ng isang liham pahintulot. Ang una ay para sa College of the President ng institusyon upang malaman ang populasyon ng mga mag-aaral at ang pangalawa ay para sa College of the President (*thru Vice President for Academic Affairs)* upang makahingi ng permiso na magsagawa ng pag-aaral sa mga mag-aaral ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.

**Paggawa at Pagpapatibay ng Talatanungan.** Ang mananaliksik ay gumawa ng mga talatanungan na nakabatay sa mga indikeytor ng dalawang baryabol ng pananaliksik na ito. Pagkatapos ay isusumite ito sa tagapayo at *panel* upang mapagtibay nang husto.

**Pamamahagi at Koleksyon ng talatanungan.** Kapag inaprubahan ng *College of the President* ang pahintulot na magsagawa ng pag-aaral, ang mananaliksik ay aktwal na ipamamahagi ang instrument ng pananaliksik. Sa tulong ng *College of the President,* tiyak na maayos na maipamamahagi ang talatanungan sa mga mag-aaral.

**Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos.** Sa pagkakataong ito, ang instrumento ng pananaliksik ay kinuha at itinala ang mga datos. Pagkatapos ay ibinigay ito sa *statistician* upang makuha ang resulta ng talatanungan.

**Istatistikal Tritment ng Datos**
Sa pag-aanalisa ng nakalap na impormasyon, ginamit ang mga sumusunod na istadiska:
***Mean.*** Ginamit upang tuklasin ang lebel ng kasanayang pangkomunikatibo sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral batay sa kanilang nakuhang iskor ayon sa mga tanong ng mga mananaliksik.

***Pearson-r.*** Ito ay ginamit upang patunayan ang koneksyon o pagkakaugnay sa pagitan kasanayang pangkomunikatibo sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1: Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo Batay sa Linggwistiko***

| LINGGWISTIKO | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. gumagamit ako ng angkop na paggamit ng wika, tulad ng wastong paggamit ng mga panghalip, pangngalan, pandiwa, at pang-uri. | 4.16 | Mataas |
| 2. natutukoy at nagagamit ko ng angkop ang paliwanag, pagtatalo, pagwawasto, pagtanggi at puna. | 3.96 | Mataas |
| 3. gumagamit ako ng sapat na kaalaman sa mga patakaran ng ponolohiya, morpolohiya, gramatika, at leksikal. | 4.04 | Mataas |
| 4. gumagamit ako ng angkop na intonasyon, diin at tono sa pagsasalita. | 4.12 | Mataas |
| 5. bumubuo ako ng epektibong salita at pagbaybay sa pagsulat at pagsasalita. | 4.14 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.08** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 2: Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo Batay sa Sosyolinggwistiko*

| SOSYOLINGGWISTIKO | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. gumagamit ako ng angkop na mga pagkilala at pagtawag na gagamitin sa mga mag-aaral at iba pang indibidwal**.** | 4.19 | Mataas |
| 2. gumagamit ako ng napapanahon at madiskarteng paggamit ng wikang sinasalita para sa silid-aralan at pag-uugaling mag-aaral. | 4.13 | Mataas |
| 3. nasusunod ko ang kaalaman kung paano isaalang-alang ang mga tagapakinig, kung paano suriin ang antas ng kaalaman ng mga tagapaking, kung paano magbigay ng kalinawan tungkol sa mga bagong termino at mabuod ang mgapangunahing ideya at kung paano gawing malinaw ang kanilang inilaan na plano para sa komunikasyon. | 4.17 | Mataas |
| 4. nagbibigay ako ng kaalaman at kabatiran sa mga nakikinig ng tiyak at malinaw. | 4.15 | Mataas |
| 5. sensetibo ako sa paggamit ng dayalekto at barayting wika sa pakikipag-usap. | 4.14 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.15** | Mataas |

*Talahanayan 3: Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo Batay sa Diskorsal*

| DISKORSAL | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. gumagamit ako ng wika sa pagsasalita upang maisulong ang paghahambing, pagbabahagi, at paglilinaw ng mga konsepto at mga paniniwala. | 4.33 | Napakataas |
| 2. sumusulat ako ng argumentatibong salaysay na nailalapat sa tuntuning panggramatika at kahulugan ng teksto | 3.97 | Mataas |
| 3. nakauunawa at nakapagpahayag ako ng isang tiyak na wika. | 4.10 | Mataas |
| 4. may kakayahan ako sa pagpapakilala sa pagpapalitan ng pahayag. | 3.99 | Mataas |
| 5. napagdidikit ko ang kahulugan ng mga pangungusap sa paraang pasulat o pangungusap. | 4.09 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.10** | **Mataas** |

*Talahanayan 4: Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo Batay sa Pragmatik at Istratedyik*

| PRAGMATIK AT ISTRATEDYIK | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. gumagamit ako ng angkop na ekspresyon ng mukha kapag nagsasalita. | 4.37 | Napakataas |
| 2. gumagamit ako ng angkop na kumpas ng kamay sa pagpapahayag ng punto o pagpapaliwanag ng ideya. | 4.39 | Napakataas |
| 3. tumutugon ako sa suliraning pangkomunikasyon na humahadlang sa matagumpay na pagpapahayag o mabisang pagkakaintindi. | 4.03 | Mataas |
| 4. gumagamit ako ng wika nang maayos at magkakaugnay na paraan sa pagpapahayag ng kaalaman. | 4.08 | Mataas |
| 5. gumagamit ako ng wika nang maayos at magkakaugnay na paraan sa pagpapahayag ng kaalaman ayon sa uri at sitwasyon ng komunikasyon | 4.12 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.20** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 5: Buod sa Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo*

| Indikeytors | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **Linggwistiko** | 4.08 | Mataas |
| **Sosyolinggwistiko** | 4.15 | Mataas |
| **Diskorsal** | 4.10 | Mataas |
| **Pragmatik At Istratedyik** | 4.20 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.13** | **Mataas** |

**Antas ng Kasanayang Pangkomunikatibo.** Ang pangkalahatang antas ng kasanayang pangkomunikatibo alinsunod sa mga nakuhaang datos mula sa mga piniling respondente ay inilalarawan na mataas sa kabuoang resulta mula sa apat na indikeytor: linggwistiko, sosyolinggwistiko, diskorsal, at pragmatik at istratedyik. Ibig sabihin, madalas naipapakita ang kasanayan ng estudyante sa pakikipagkomunikasyon. Ito ay nagmumungkahi na maaari pang pagyamanin ang kanilang kaalaman sa gramatika at hasain pa ang angking Kaalaman sa paggamit ng mga sari-saring pamamaraan sa pakikipagkomunikasyon.

Ito ay maiuugnay sa pag-aaral nina Cenangote et al. (2024) batay sa kanilang paglalahad, ang pagkakaroon ng mataas na antas at epektibong kasanayang Ang pangkomunikasyon ay nagbubukas ng pagkakataon para sa estudyante na magkaroon ng kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga kinakailangang abilidad upang makipag-ugnayan at makipagtalastasan nang may kasanayan sa wika. Tulad ng sa ibang larangan, may koneksyon ito at dagdag halaga sa pagiging kasangkapan ng mga mag-aaral sa wastong kasanayang pangkomunikasyon sa wika upang matulungan silang magtagumpay sa kanilang pagkatuto.

Isang katulad na pag-aaral nina Lai et al. (2021) ipinapakita na ang mataas na antas ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon ay malaki ang naitutulong sa estudyante upang maiparating ng malinaw ang mensahe. Ang kasanayang nagpapahusay sa pakikipag-ugnayan at komunikasyon dahil nakakapagpahayag sila ng maayos ng kanilang mga ideya, opinyon, at saloobin, na nagiging sanhi ng mabisang koneksyon sa mga tagapakinig. Pinapakita din nito kung paano tanggalin ang mga nakakagambalang pag-iisip upang maipahayag ang mga ideya nang malinaw at may tuwa.

*Talahanayan 6: Antas ng Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral Batay sa Pag-uugali*

| PAG-UUGALI | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. ako ay aktibo sa pagtatanong at pag-aambag sa klase. | 4.08 | Mataas |
| 2. tinataas ko ang aking kamay sa klase upang makibahagi. | 3.94 | Mataas |
| 3. ako ay nakikilahok sa mga maliliit na talakayan sa aming klase. | 3.95 | Mataas |
| 4. ginagawa ko ang lahat ng mga gawain at mga takdang-aralin upang makaiwas sa problema. | 3.95 | Mataas |
| 5. sinisigurado ko na ako ay regular na nakapag-aral. | 3.84 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.95** | **Mataas** |

*Talahanayan 7: Antas ng Pakikipag-ugnayan ng mga Mag-aaral Batay sa Kognitibo*

| KOGNITIBO | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. ginagawa ko ang isang papel o proyekto na nangangailangan ng pagsasama-sama ng mga ideya o impormasyon mula sa mga naunang pinagkuhanan. | 4.04 | Mataas |
| 2. pinag-uusapan ang mga ideya mula sa mga binabasa kasama ang ibang kaklase sa loob at sa labas ng klase . | 3.87 | Mataas |
| 3. pumupunta ako sa oras ng opisina ng guro upang suriin ang mga takdang-aralin o pagsusulit, o para magtanong. | 4,04 | Mataas |
| 4. nag-iisip ako ng mga paraan para gawing kakaiba o interesante sa akin ang kurso. | 4.17 | Mataas |
| 5. binubusisi ko ang mga tala sa klase sa pagitan ng mga klase upang siguruhing nauunawaan ko ang mga materyal. | 4.39 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.10** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 8: Antas ng Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral Batay sa Emosyonal***

| EMOSYONAL | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. sinasama ko ang iba't ibang pananaw sa mga talakayan sa klase o sa mga takdang-aralin sa pagsusulat. | 4.19 | Mataas |
| 2. nakikilahok ako kasama ang iba pang mga estudyante sa mga proyekto habang kami ay nasa klase. | 4.16 | Mataas |
| 3. nakikilahok ako sa isang proyektong nakabase sa komunidad bilang bahagi ng isang pangkaraniwang kurso | 3.75 | Mataas |
| 4. nagkaroon ako ng mga seryosong usapan kasama ang mga estudyanteng lubos na magkaiba sa akin pagdating sa kanilang pananampalataya, pulitikal na opinyon, o personal na mga halaga. | 4.08 | Mataas |
| 5. binahagi ko ang aking mga plano sa karera sa isang guro o tagapayo. | 4.11 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.05** | **Mataas** |

***Talahanayan 9: Buod sa Antas ng Pakikipag-ugnayan ng mga Mag-aaral sa Filipino***

| Indikeytors | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **Pag-uugali** | 4.10 | Mataas |
| **Kognitibo** | 4.05 | Mataas |
| **Emosyonal** | 3.95 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.04** | **Mataas** |

**Antas ng Pakikipag-ugnayan ng mga Mag-aaral**. Ang pangkalahatang antas ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral nakabatay sa nakalap na datos ng mga piniling respondente ay inilalarawan na mataas sa kabuoang resulta mula sa tatlong indikeytor: pag-uugali, kognitib, at emosyonal. Ibig sabihin, karaniwang ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang aktibong pakikilahok sa klase partikular na sa mga asignaturang kaugnay sa Filipino. Ito ay nagmumungkahi na maaari pang pagyamanin ng mga mag-aaral ang kanilang pagiging interesado sa pakikilahok sa gawaing pampagkatuto upang mapalago ang kanilang kasanayan sa sariling wika.

Maiuugnay ito sa pag-aaral nina Vanner et al. (2022) na ang mataas na antas ng pakikipag-uganayn ng mga mag-aaral gaya ng relasyon ng guro at mag-aaral, mga pamamaraan sa pagtuturo, at klima sa loob ng silid-aralan at mga salik sa kapaligiran ng silid-aralan na nagiging sanhi sa pagkakalahok ng estudyante. Ang positibong at mapagkalingang kapaligiran ay nagpapalaganap ng motibasyon ng mga mag-aaral at aktibong pakikilahok, na humahantong sa mas mataas na pagkahilig at pinabuting akademikong pagganap.

Isang katulad na pag-aaral ni Varga (2019) ay nagpapakita na ang positibong ugnayan ng mag-aaral at guro ay mahalaga sa pagpapalaganap ng pagkahilig ng mga mag-aaral at tagumpay sa akademiko. Ang mga suportado at may malasakit na relasyon ay nagbubukas ng pagkakaroon ng pakiramdam ng pagiging bahagi at tiwala, na humahantong sa mas mataas na motibasyon, partisipasyon, at pagsang-ayon sa pag-aaral.

Isang kaugnay na pag-aaral ni Juvonen et al. (2020) na ang mataas na antas ng pakikipag-ugnayan ay nagpapakita na ang interaksyon ng kapwa estudyante ay nagpapalakas sa motibasyon ng mga mag-aaral, koneksyon sa lipunan, at aktibong pakikilahok sa proseso ng pag-aaral, na nagdudulot ng pinabuting pagbibigay ng pansin at mga akademikong resulta. Kapag nakikilahok ang estudyante sa aktibidad ng kolaboratibong pag-aaral at nakikisalamuha sila sa kanilang mga kapwa mag-aaral, mas nagiging masigasig sila na makilahok nang aktibo sa proseso ng pag-aaral. Bukod dito, pinapayagan ng interaksyon ng kapwa mag-aaral na magbigay ng kanilang mga ideya, magpalitan ng mga perspektiba, at makilahok sa makabuluhang mga pag-uusap, na maaaring magpataas sa kanilang intrinsic na motibasyon na mag-aral.

**Talahanayan 10:** ***Makabuluhang Ugnayan ng Kasanayang Pangkomunikatibo at Pakikipag-ugnayan***

| Variable Correlated | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Kasanayang Pangkomunikatibo | 4.13 | .676 | <.001 | $H_0$ Rejected |
| Pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral | 4.04 | | | |

**Makabuluhang-ugnayan sa pagitan ng Kasanayang Pangkomunikatibo at Pakikipag-ugnayan ng mga Mag-aaral.** Makikita sa resulta na ang ugnayan ng dalawang baryabol mula sa inilahad na kabanata ay nagpapahiwatig na may makabuluhang ugnayan ang kasanayang pangkomunikatibo at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Base na rin sa naging resulta na kung saan ang natamong r-value ay .676 at ang p-value na <.001. Nakabatay rin ito sa kabuoang mean ng dalawang baryabol na inilarawan bilang "mataas" ang kanilang pinapakitang kasanayang pangkomunikatibo at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Ipinakita rin sa naging resulta na mayroong ganap na relasyon ang mga indikeytor na ginamit sa dalawang baryabol, na nagpapahiwatig na may makabuluhang ugnayan ito sa antas ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Samakatuwid, may impluwensya ang kanilang kasanayang pangkomunikatibo sa kanilang pakikipag-ugnayan bilang mag-aaral.

## KONKLUSYON

Batay sa nakuhang impormasyon mula sa tugon ng estudyante sa KCAST, ang kasanayang pangkomunikatibo ay kanilang sinang-ayunan ayon sa kanilang linggwistiko, sosyolinggwistiko, diskorsal, at pragmatik at istratedyik na nagpamalas sa kanilang kasanayan na matugunan ang gawaing may kaugnayan sa pakikipagkomunikassyon. Ito ay naglalahad ng mataas na antas ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Sa kabilang dako, ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral ay kanilang sinang-ayunan na tumugon sa kanilang pakikipag-ugnayan sa pag-uugali, kognitibo at emosyonal. Ang mga mag-aaral ay naglalahad ng mataas na antas ng pakikipag-ugnayan bilang mga mag-aaral.

Sa pagpapakahulugan, ang kasanayang pangkomunikatibo at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral ay nagpapakita na may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol sa pagnanais na matamo ang kasanayang pangkomunikatibo sa pakikipag-ugnayan. Ito rin ay naglalantad ng sapat na impormasyong naisiwalat na ang malayang baryabol na kasanayang pangkomunikatibo ay may malaking impluwensya sa di-malayang baryabol na pakikipag-ugnayan. Samakatuwid, ito ay nagpapakita na ang pag-aaral ay may kaugnayan at positibong resulta na nabibigyang-patunay sa mga naunang pananaliksik at teoryang inilahad ng mananaliksik.

## TALASANGGUNIAN


1. *Appleton, J. J., Christenson, S. L., Kim, D., & Reschly, A. L. (2019). Measuring cognitive and psychological engagement: Validation of the Student Engagement Instrument. Journal of School Psychology (Print), 44(5),427–445. https://doi.org/10.1016/j.jsp.2006.04.002*
2. *Appleton, J. J., Christenson, S. L., & Furlong, M. J. (2018). Student engagement with school: Critical conceptual and methodological issues of the construct. https://doi.org/10.1002/pits.20303*
3. *Canale, M. and Swain, M. (2019). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. Applied*
4. *Linguistics 1 (1), 1-47.*
5. *Cenangote, R., Nazareno, R., & Lagrada, J. (2024). Kakayahang pangkomunikatibo at Pagganap ng mga Mag-aaral ng BSEd Filipino: Batayan para sa pagpapahusay ng mga kasanayan sa komunikasyon.*
6. *Creswell, J. W. (2014). Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches (4th ed.). SAGE Publications.*
7. *Fredricks, J. A., Blumenfeld, P. C., & Paris, A. H. (2019). School engagement: potential of the concept, state of the evidence. Review of Educational Research, 74(1), 59–109. https://doi.org/10.3102/00346543074001059*
8. *Juvonen, J., Espinoza, G., & Knifsend, C. (2024). The role of peer relationships in student academic and extracurricular engagement. Handbook of research on student engagement, 387-401.*
9. *Lai, H.-M. (2021). Understanding what determines university students' behavioral engagement in a group-based flipped learning*
10. *context. Computers & Education, 173, https://doi.org/10.1016/j.compedu.2021.104290*
11. *Palmero, G. M. (2019). Oral Communication Proficiency And Learning Engagement Of Grade 11 Students In English. Global*
12. *Scientific Journals (GSJ), 7(8), 383–488.*
13. *Sonu, D., & Anand, R. (2020). Discrimination in the classroom: evidence from India. Journal of Economics of Education Review, 78(5). http://doi.org/10.1016/j.econedurev.2020.102000*
14. *Vanner, C., Quenneville, Z., Baerstoen, V., Tsangari, V., Arsenault-Carter, T., Doan, T., ... & Chomiak, K. (2022). The Importance of Student-Teacher Relationships. Classroom Practice in 2022.*
15. *Varga, M. (2019). The effects of teacher-student relationships on the academic engagement of students.*